TAGALOG

# Gabay ng Magulang sa *Pagpapabakuna*



Public Health Agency of Canada
Agence de la santé publique du Canada

Canada

> To promote and protect the health of Canadians through leadership, partnership, innovation and action in public health.
> —Public Health Agency of Canada

Available in English under the title:
A Parent's Guide to *Vaccination*
Also available in other select languages.

Également disponible en français sous le titre :
Un guide de *vaccination* à l'intention des parents
Également disponible dans d'autres langues.

**To obtain additional information, please contact:**
Public Health Agency of Canada
Address Locator 0900C2
Ottawa, ON  K1A 0K9
Tel.: 613-957-2991
Toll free: 1-866-225-0709
Fax: 613-941-5366
TTY: 1-800-465-7735
E-mail: **publications-publications@hc-sc.gc.ca**

This publication can be made available in alternative formats upon request.

© His Majesty the King in Right of Canada, as represented by the Minister of Health, 2025

Publication date: March 2025

This publication may be reproduced for personal or internal use only without permission provided the source is fully acknowledged.

**Print** Cat.: HP40-38/2023Tgl
ISBN: 978-0-660-46126-7

**PDF** Cat. : HP40-38/2023Tgl-PDF
ISBN: 978-0-660-42843-7

Pub. : 220540





# Talaan ng Nilalaman


4 Tungkol sa pagpapabakuna

10 Mga sakit na napipigilan ng mga rutinang pagpapabakuna

14 Kaligtasan ng bakuna

17 Pananatiling up-to-date sa pagpapabakuna ng inyong anak

20 Ano ang dapat asahan sa appointment sa pagpapabakuna ng inyong anak

25 Saan makakakuha ng higit pang impormasyon






# Gabay ng Magulang sa *Pagpapabakuna*

*Mahalagang paraan ang mga bakuna upang maprotektahan ang inyong anak laban sa mga malubha at mapanganib na sakit. Makakatulong kayo na mapanatili silang ligtas at malusog sa pamamagitan ng pagtiyak na matatanggap nila ang lahat ng inirerekomendang bakuna nang nasa oras.*

# Tungkol sa *pagpapabakuna*

## Ano ang mga *bakuna?*

Ang mga bakuna ay mga kasangkapang nakikipagtulungan sa mga natural na depensa ng katawan (ang immune system) upang makabuo ng proteksyon na mas ligtas kaysa sa impeksyon.

## Ano ang immune system?

Ang immune system ay isang masalimuot na network ng mga cell, tissue, at organ sa ating mga katawan na nagtutulungan upang maiwasan ang mga sakit at mapanatili tayong malusog.

Tumutugon ang ating immune system sa mga bagay na itinuturing nitong hindi pamilyar o mapanganib, tulad ng mga bacteria at virus na maaaring magdulot ng mga sakit. Sa pamamagitan ng tinatawag na immune response, gumagawa ang ating mga katawan ng mga antibody at immune memory cell upang labanan ang impeksyon at magbigay ng proteksyon laban sa mga impeksyon sa hinaharap (imyunidad).

Ang mga antibody ay mga protinang kumakapit sa mga mapanganib na bacteria o virus at nakakatulong na alisin ang mga ito sa katawan. Kung magkakaroon ulit tayo ng partikular na virus o bacterium na iyon, mabilis na gumagawa ang mga immune memory cell ng mas maraming antibody upang makatulong na alisin ito sa katawan bago tayo magkasakit nang malubha.

## *Alam mo ba?*

Maraming bacteria ang kapaki-pakinabang at maaaring natural na makita sa loob at labas ng ating katawan nang hindi tayo nagkakasakit, basta't wala ang mga ito sa mga bahagi ng katawan kung saan hindi dapat kabilang ang mga ito. Bahagi ng tungkulin ng ating immune system na tukuyin kung aling bacteria ang magdudulot sa atin ng sakit at bumuo ng immune response kung kinakailangan.



## Paano gumagana ang *papabakuna?*

Gumagana ang pagpapabakuna sa pamamagitan ng paglalantad ng ating mga katawan sa mahahalagang bahagi ng mga bacteria o virus, na tinatawag na mga antigen, sa ligtas na paraan upang makabuo ang ating immune system ng immune response. Kung malalantad tayo sa parehong bacterium o virus sa susunod, magagawa na ng ating immune system na tumugon nang mas mabilis upang:

- mapigilang makuha natin ang sakit
- mapigilan tayong magkasakit nang malubha kung makukuha talaga natin ang sakit

## Paano ibinibigay ang mga *bakuna?*

Karamihan sa mga bakuna ay ibinibigay sa pamamagitan ng injection (ineksiyon) sa itaas na bahagi ng braso o hita ng inyong anak. Maaaring ibigay ang ilang bakuna sa pamamagitan ng bibig at may bakuna laban sa trangkaso (influenza) na ini-spray sa ilong.

Ang ilan bakuna ay panghabambuhay na proteksyon, habang nangangailangan naman ang iba ng booster upang patuloy na makapagbigay ng proteksyon.

Nagbibigay ng proteksyon ang ilang bakuna laban sa isang virus o bacterium lang, habang nagbibigay naman ng proteksyon ang mga kumbinasyong bakuna laban sa ilan nang sabay-sabay. Kapaki-pakinabang ang mga kumbinasyong bakuna dahil mas kaunti ang mga iniksyon at appointment na kailangan ng mga ito, na makakatulong na mabawasan ang mga pagkaantala sa pagpapabakuna at pagbuo ng proteksyon.

Posibleng mangailangan ang mga bata ng maraming dosis ng isang bakuna upang makapagbigay ng mahusay na proteksyon. Halimbawa, ang DTaP-IPV-Hib ay isang combination vaccine na karaniwang ibinibigay bilang 4 na dosis sa unang 2 taon ng buhay. Nagbibigay ito ng proteksyon laban sa:

- diphtheria
- Hib (*haemophilus influenzae* type b)
- polio
- tetano
- tuspirina (pertussis)



# Bakit mahalaga ang *pagpapabakuna?*


Ang pagpapabakuna ay itinuturing na isa sa ating pinakamahahalagang kasangkapan ng kalusugan ng publiko. Sa nakalipas na 50 taon, nakapagligtas na ng maraming buhay sa Canada at sa buong mundo ang pagpapabakuna. Ang ilang sakit ng mga bata na dating karaniwan sa Canada ay bihira na ngayon dahil sa mga bakuna.

Magagawa ring pigilan nang tuluyan ng mga bakuna na kumalat ang isang nakakahawang sakit saanman sa mundo. Halimbawa, wala nang kahit isang kaso ng natural na smallpox sa buong mundo simula noong 1977, salamat sa pagpapabakuna.

Maaaring makatulong ang ilang bakuna na gawing immune ang komunidad (na kilala rin bilang herd immunity). Ibig sabihin nito, kapag mas maraming tao ang nabakunahan laban sa isang sakit, mas maliit ang posibilidad na kumalat ang sakit sa isang komunidad. Makakatulong itong maprotektahan ang mga taong hindi maaaring bakunahan. Makakatulong din itong maprotektahan ang mga taong hindi mahusay na tinatablan ng bakuna, tulad ng mga sanggol, mas matandang adult, at mga taong immunocompromised.

Ang mga taong immunocompromised ay may mahinang immune system dulot ng isang kundisyon sa kalusugan o mga gamot na iniinom nila. Posibleng hindi sila maaaring tumanggap ng ilang partikular na bakuna, at posibleng hindi rin gumana ang mga bakuna na maaari nilang matanggap. Mas malaki ang posibilidad para sa mga taong ito na mahawahan ng mga sakit na mapipigilan sana ng bakuna at maaari silang magkasakit nang napakalubha.

Upang mapaghambing ang bilang ng mga kaso ng 6 na sakit na mapipigilan ng bakuna bago nagkaroon at pagkatapos magkaroon ng bakuna sa Canada, tingnan ang Vaccines Work Poster [Poster ng Gumagana ang Mga Bakuna] sa **Canada.ca/vaccines-work**.





# *Alam mo ba?*

Kung mas nakakahawa ang isang sakit, mas kailangan ng mga tao na mabakunahan upang maiwasan ang pagkalat nito. Halimbawa, isa sa mga pinakanakakahawang sakit ang tigdas (measles): maaaring kumalat nang mabilis ang kahit isang kaso lang nito kapag hindi nabakunahan ang mga tao. Sa isang grupo ng 100 katao na hindi pa nagkaroon ng tigdas, kailangang mabakunahan ang 95 sa kanila laban sa tigdas upang maiwasang kumalat ang tigdas. Ito ang dahilan kung bakit kailangang manatiling mataas ang mga rate ng pagpapabakuna upang maiwasan ang mga outbreak.

# Mga sakit na napipigilan ng mga rutinang *pagpapabakuna*

*Inirerekomenda ang mga rutinang pagpapabakuna sa iskedyul na batay sa edad ng inyong anak. Saan man kayo nakatira sa Canada, ang lahat o halos lahat ng mga bakunang ito ay ibinibigay nang libre ng inyong lalawigan o teritoryo.*

Narito ang ilan sa mga sakit na naiiwasan ng inyong anak dahil sa mga rutinang na pagpapabakuna. Ibinibigay ang ilan bilang mga kumbinasyong bakuna:

- bulutong-tubig: **Canada.ca/chickenpox**
- diphtheria: **Canada.ca/diphtheria**
- flu (trangkaso): **Canada.ca/flu**
- hepatitis B: **Canada.ca/hepatitis-b**
- Hib (*haemophilus influenzae* type b): **Canada.ca/haemophilus**
- HPV (human papillomavirus): **Canada.ca/hpv** **iniaalok sa mga klinikang nasa paaralan*
- tigdas: **Canada.ca/measles**
- meningococcal: **Canada.ca/meningococcal**
- beke: **Canada.ca/mumps**
- pneumococcal: **Canada.ca/pneumococcal**
- polio (poliomyelitis): **Canada.ca/polio**
- rotavirus: **Canada.ca/rotavirus**
- rubella: **Canada.ca/rubella**
- tetano: **Canada.ca/tetanus**
- tuspirina (pertussis): **Canada.ca/whooping-cough**

Posibleng mag-iba-iba ang timing ng mga bakuna depende sa inyong lalawigan o teritoryong tinitirhan. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa inyong lokal na departamento sa kalusugan ng publiko tungkol sa kung aling mga bakuna ang kailangan ng inyong anak.

Posible ring irekomenda ang iba pang bakuna sa ilang partikular na sitwasyon. Halimbawa:

- kung pupunta ang inyong anak sa isang lugar kung saan karaniwan ang ilang partikular na virus o bacteria
- kung nalantad ang inyong anak sa ilang partikular na virus o bacteria, halimbawa, dulot ng pagkakalantad sa isang tao o hayop na may sakit o sa isang nakontaminang bagay
- habang may outbreak ng isang sakit
- kung ang inyong anak ay may ilang partikular na kundisyon sa kalusugan o salik ng panganib



## Magbibiyahe ba ang inyong anak?

Ang ilang sakit na hindi karaniwan sa Canada ay karaniwan sa iba pang bahagi ng mundo. Ibig sabihin nito, kapag pumunta siya sa ibang bansa, posibleng malantad ang inyong anak sa mga virus at bacteria na hindi natin karaniwang napaglalaanan ng bakuna sa Canada.

Inirerekomendang kumonsulta kayo sa isang kwalipikadong provider ng kalusugan sa pagbibiyahe o bumisita sa isang klinika sa kalusugan para sa pagbibiyahe sa loob ng hindi bababa sa 6 na linggo bago ang naka-iskedyul na pag-alis ng inyong anak. Posibleng magrekomenda sila ng iba pang bakuna batay sa kung saan siya pupunta.

Bisitahin ang **travel.gc.ca/travel-vaccinations** para sa kapaki-pakinabang na payo at impormasyon para sa biyahe.

## Taunang *pagpapabakuna* laban sa flu (trangkaso)

Ang Influenza ay isang nakakahawang karamdaman sa paghinga na maaaring magdulot ng lagnat, ubo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, masakit na lalamunan, at pagkapagod. May ilang tao na bahagyang nagkakasakit dahil dito ngunit may iba rin na maaaring magkasakit nang malubha.

Ang lahat ng may edad na 6 na buwan at mas matanda ay inirerekomendang tumanggap ng bakuna laban sa trangkaso kada taglagas. Ito ay dahil ang proteksyon mula sa bakuna laban sa trangkaso ay posibleng hindi tumagal nang isang buong taon at maaaring magbago ang mga strain sa bakuna taon-taon. Tina-target ng mga bakuna laban sa trangkaso ang 3 o 4 na strain ng trangkaso na inaasahang magdudulot ng sakit sa paparating na panahon ng trangkaso (Nobyembre hanggang Abril).

Para sa kanilang kauna-unahang bakuna laban sa trangkaso, ang mga batang may edad na 6 na buwan at wala pang 9 na taon ay nangangailangan ng 2 dosis na ibibigay nang may isang buwang pagitan. Pagkatapos noon, kailangan na lang nila ng isang bakuna laban sa trangkaso kada taglagas.

Sa pamamagitan ng pagtiyak na nabakunahan ang inyong anak laban sa trangkaso, maaari ninyo siyang maprotektahan pati na rin ang iba pang tao, dahil magiging mas maliit ang posibilidad na makakahawa siya ng trangkaso.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-usap sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, lokal na departamento ng kalusugan ng publiko o bisitahin ang **Canada.ca/flu**.

# Mga *bakuna* laban sa COVID-19

Ang COVID-19 ay isang nakakahawang sakit na dulot ng SARS-CoV-2 virus. Bagama't karaniwang hindi malubha ang COVID-19 sa mga bata, maaaring magkasakit nang malubha ang ilang bata. Maaari kayong makatulong na maprotektahan ang inyong anak sa pagkakasakit nang malubha dahil sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapabakuna sa kanila.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, bisitahin ang **Canada.ca/covid-vaccine**.



# Kaligtasan ng *bakuna*

Kapag isinasaalang-alang ang isang bakuna para sa pag-apruba, sinusuri ng Health Canada kung gaano kahusay na gumagana ang bakuna at ang kaligtasan nito bago magpasya.

Kapag naaprubahan na ang isang bakuna, patuloy na susubaybayan ng Health Canada ang kaligtasan at pagiging epektibo nito, sa pakikipagtulungan sa mga lalawigan at teritoryo, iba pang bansa, at internasyonal na ahensya.

Pagkatapos mabakunahan, karaniwan ang pagkakaroon ng mga side effect na posibleng tumagal nang 1 hanggang 3 araw. Mahusay na tinatanggap ng karamihan sa mga bata ang mga bakuna. Sa ilang pagkakataon, ang inyong anak ay posibleng maging maselan, magkaroon ng hindi malubhang lagnat, maging mas antukin kaysa sa karaniwan, o makaranas ng pananakit, pamamaga, o pamumula sa bahaging pinagturukan ng injection.





## *Alam mo ba?*

Posibleng magkaroon ng mga hindi malalang side effect ang inyong anak sa loob ng ilang araw pagkatapos mabakunahan dahil kumikilos ang kanyang katawan upang bumuo ng immune response laban sa sakit.

Posibleng matakot ang ilang bata na magpabakuna. Para sa mga tip kung paano mabawasan ang pananakit at kung paano matulungan ang inyong anak na magkaroon ng mas magandang karanasan sa pagpapabakuna, tingnan ang seksyon sa ibaba: "Ano ang dapat asahan sa appointment sa pagpapabakuna ng inyong anak".

Napakabihira ng matitinding side effect o allergic reaction sa isang bakuna. Kung sa palagay ninyo ay nagkakaroon ng malubhang reaksyon ang inyong anak pagkatapos magpabakuna, humingi kaagad ng medikal na tulong. Dapat ding iulat sa lokal na departamento ng kalusugan ng publiko ang matitinding side effect mula sa mga bakuna. Sabihin sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang tungkol sa anumang malubhang reaksyon na naranasan ng inyong anak bago siya tumanggap ng iba pang bakuna.



# Pananatiling up to date sa *pagpapabakuna* ng inyong anak

## Paano ninyo malalaman kung dapat nang *bakunahan* ang inyong anak?

Para sa pinakamahusay na proteksyon, kailangang mabakunahan nang ilang beses ang inyong anak sa buong buhay niya. Ang mga iskedyul ng pagpapabakuna (na tinatawag ding mga iskedyul ng immunization) ay idinisenyo upang magbigay ng mga bakuna **bago** posibleng malantad sa sakit ang mga bata. Kung kaya, napakahalagang mabakunahan nang nasa oras ang mga bata.

Maaari ninyong alamin kung aling mga bakuna ang natanggap na ng inyong anak sa pamamagitan ng pagtingin sa kanyang personal na tala ng pagpapabakuna. Dapat magpanatili ang lahat ng personal na tala ng pagpapabakuna sa buong buhay nila. Ilagay ito sa ligtas na lugar at ipakita ito sa bawat appointment sa pagpapabakuna upang ma-update ito.

Kung walang personal na tala ng pagpapabakuna ang inyong anak, makipag-ugnayan sa kanyang provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa inyong lokal na departamento ng kalusugan ng publiko upang makahingi nito.

Upang malaman kung dapat nang tumanggap ng anumang bakuna ang inyong anak, tingnan ang iskedyul ng pagpapabakuna ng inyong lalawigan o teritoryo o makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa inyong lokal na departamento ng kalusugan ng publiko.

Available ang mga iskedyul ng pagpapabakuna sa **Canada.ca/immunization-schedule**.

## Paano kung may nalaktawang *bakuna* ang aking anak?

Kung hindi natanggap ng inyong anak ang lahat ng inirekomendang bakuna para sa kanyang edad, maaari pa rin silang humabol. Mahalagang maibalik siya ayon sa iskedyul.

Mag-book ng appointment upang makipag-usap sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak o sa inyong lokal na departamento ng kalusugan ng publiko sa lalong madaling panahon. Matutulungan nila kayong alamin:

- kung aling mga bakuna na ang natanggap ng inyong anak
- kung alin pa ang mga kailangan niya
- kailan at saan makakakuha ng mga ito

## Paano kung hindi maaaring *bakunahan* ang aking anak?

Ang mga batang immunocompromised ay posibleng hindi maaaring tumanggap ng ilang partikular na bakuna. Ibig sabihin ng immunocompromised, posibleng humina ang immune system dahil sa:

- isang kundisyon sa kalusugan
- ilang partikular na gamot

Napakahalagang manatiling up to date sa kanilang mga bakuna ang mga taong may kasama sa bahay o may close contact sa isang batang immunocompromised. Makipag-usap sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak tungkol sa kung paano mapapanatiling protektado ang inyong anak.

## Paano kung lilipat kami sa ibang lalawigan o teritoryo?

Kung lilipat kayo sa ibang lalawigan o teritoryo, posibleng magbago ang iskedyul ng pagpapabakuna ng inyong anak.

Kapag nakalipat na kayo, makipag-ugnayan sa bagong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak o sa inyong bagong lokal na departamento ng kalusugan ng publiko upang malaman kung aling mga bakuna ang posibleng kinakailangan. Tiyaking dadalhin ang personal na tala ng pagpapabakuna ng inyong anak sa inyong appointment upang malaman ng provider ng pangangalagang pangkalusugan kung aling mga bakuna na ang natanggap ng inyong anak.



# Ano ang dapat asahan sa appointment sa *pagpapabakuna* ng inyong anak

*Maaari ninyong matulungan ang inyong anak na magkaroon ng positibong karanasan sa pagpapabakuna. Mas magiging madali kung alam na ninyo kung ano ang aasahan.*

## Bago ang appointment

- Magplano nang maaga upang magawang mas positibo ang karanasan sa pagpapabakuna.
  - Pag-isipang magdala ng isang bagay upang hindi maisip ng inyong anak ang pagpapabakuna, tulad ng laruan, libro, musika, o video.
  - Kung natatakot o nababahala kayo o ang inyong anak tungkol sa pagpapabakuna, makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan bago ang appointment para sa mga opsyon na maaaring makatulong.
- Kung mayroon kayong personal na tala ng pagpapabakuna para sa inyong anak, dalhin ito sa inyong appointment. Kung wala kayo nito, humingi nito sa araw ng inyong appointment.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghahanda para sa appointment sa pagpapabakuna ng inyong anak, bisitahin ang **Canada.ca/vaccination-appointment-children**.





## Sa panahon ng appointment

Posibleng tanungin kayo ng ilang bagay ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak tungkol sa kalusugan ng inyong anak bago siya bakunahan. Magandang pagkakataon ito upang itanong ang anumang tanong ninyo tungkol sa mga bakuna. Kung dati nang nagkaroon ng mga negatibong karanasan sa pagpapabakuna, pagkabahala, o malubhang reaksyon sa bakuna ang inyong anak, tiyaking ipaalam ito sa provider ng pangangalagang pangkalusugan

Para sa mas komportableng karanasan sa pagpapabakuna, subukan ang mga sumusunod na diskarte:

- **Pagaanin ang loob ng inyong anak** sa pamamagitan ng paghawak at pakikipag-usap sa kanya habang binabakunahan.
- **Kung kayo ay nagpapasuso, subukang pasusuhin ang inyong anak bago ng, habang, o pagkatapos ng pagpapabakuna.** Makakatulong ito na pagaanin ang loob niya.
- **Maging kalmado.** Posibleng tumugon ang inyong anak sa inyong mga emosyon. Kapag kayo ay kalmado at positibo, mas magiging kampante siya.
- **Libangin.** Makakatulong ang inyong nakakapagpakalmang boses o haplos na pakalmahin ang inyong anak, tulad din ng kanyang paboritong laruan, kwento, o kanta.

## Bago umalis sa klinika

Ipaalala sa inyong provider pangangalagang pangkalusugan na itala ang pagpapabakuna sa personal na tala ng pagpapabakuna ng inyong anak. Kung wala kayo nito para sa inyong anak, manghingi ng ganito ngayon.

Gumawa ng appointment para sa susunod na pagpapabakuna ng inyong anak.

Hihilingin sa inyong maghintay nang hindi bababa sa 15 minuto pagkatapos ng pagpapabakuna upang matiyak na walang allergic reaction ang inyong anak.

Napakabihira ng matitinding allergic reaction sa mga bakuna. Posibleng kasama sa mga palatandaan ng matinding allergic reaction ang:

- mga problema sa paghinga (paghingal)
- pamamaga ng mukha, dila, o lalamunan
- pulang pantal sa balat (hives)

Kung sa palagay ninyo ay nakakaranas ang inyong anak ng matinding allergic reaction, alertuhin kaagad ang isang miyembro ng kawani sa klinika. Mayroon silang gamot upang mapangasiwaan ang mga allergic reaction.

## Pagkatapos ng *pagpapabakuna*

Mahusay na tinatanggap ng karamihan sa mga bata ang mga bakuna. Sa ilang sitwasyon, ang inyong anak ay posibleng:

- maging maselan
- magkaroon ng sinat
- maging mas antukin kaysa sa karaniwan
- makaranas ng pananakit, pamamaga, o pamumula sa bahaging pinagturukan ng iniksyon

Normal ang mga reaksyong ito at karaniwang nawawala sa loob ng ilang araw. Maaari ninyong bigyan ng gamot ang inyong anak upang makatulong sa pananakit o upang mapababa ang lagnat. Kumonsulta sa provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak kung kailangan ninyo ng payo tungkol sa kung aling gamot ang gagamitin.

## Kailan dapat tumawag sa provider ng kalusugan pagkatapos ng *pagpapabakuna*

Kung may mga sintomas ang inyong anak na posibleng maituring na allergic reaction, humingi kaagad ng medikal na atensyon. Kung may iba pang sintomas ang inyong anak na lumalala o hindi nawawala, o kung nag-aalala kayo sa isang bagay, makipag-ugnayan sa kanyang provider ng pangangalagang pangkalusugan o humingi ng medikal na atensyon.

### *Alam mo ba?*

Maaari ninyong gamitin ang CARD system (Comfort, Ask, Relax, Distract) upang maghanap ng mas marami pang paraan upang mapahusay ang karanasan sa pagpapabakuna. Upang matuto pa tungkol sa CARD system, bisitahin ang **cardsystem.ca**.



## Alam mo ba?

Ang misinformation ay mali o nakakapanlinlang na impormasyong pinapalabas na totoo. Ang disinformation ay maling impormasyon na sinasadyang gawin at ipakalat upang lokohin o linlangin ang mga tao. Karaniwan ang misinformation at disinformation tungkol sa mga bakuna. Tiyaking kukuha kayo ng inyong impormasyon tungkol sa mga bakuna mula sa mga pinagkakatiwalaan at may mabuting reputasyong mapagkukunan.

# Saan makakakuha ng higit pang impormasyon

*Makakapagbigay ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak o ang inyong lokal na departamento ng kalusugan ng publiko ng higit pang impormasyon tungkol sa mga bakuna.*

Narito ang ilang website na mapagkakatiwalaan ninyo para sa impormasyon tungkol sa bakuna:

**Government of Canada (Pamahalaan ng Canada)**
Canada.ca/vaccines

**The Canadian Paediatric Society (Ang Canadian Paediatric Society)**
caringforkids.cps.ca

**The Society of Obstetricians and Gynaecologists of Canada (Ang Society of Obstetricians and Gynaecologists ng Canada)**
sogc.org

**Immunize Canada (Bakunahan ang Canada)**
immunize.ca

May iba pang libreng resource tungkol sa mga bakuna, kabilang ang iba pang gabay sa bakuna:

**An Adult's Guide to Vaccination (Ang Gabay ng Nasa Hustong Gulang sa Pagpapabakuna)**
Canada.ca/vaccination-guide-adult

**A Teen's Guide to Vaccination (Ang Gabay ng Kabataan sa Pagpapabakuna)**
Canada.ca/vaccination-guide-teen

Canada.ca/vaccines
Canada.ca/vaccins

